



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-92

“NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 8, S-2025 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BONGA MAYOR, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON, ISANG DAAN LIMANG LIBO, SIYAM NA DAAN PITONG PISO AT TATLUMPUNG SENTIMO (₱1,105,907.30).”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo

Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

SAPAGKA'T, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Bonga Mayor para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng ₱1,105,907.30;

SAPAGKA'T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Bonga Mayor at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKA'T, ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Bonga Mayor ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 8, S-2025 ng Sangguniang Kabataan ng Bonga Mayor, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Isang Milyon, Isang Daan Limang Libo, Siyam na Daan Pitong Piso at Tatlumpung Sentimo (₱1,105,907.30).


TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos


PINAGTIBAY, ngayong ika-6 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni


Aljhaneal E. Quiones
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni



Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Abril taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim